# Ika-75 na Isyu ng Newsletter ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki

Colors, Future!
いろいろって、未来。
川崎市

Pinamatnugan at inilathala ng: Multicultural Promotion Section, Citizens' Affairs Department, Citizens' and Cultural Affairs Bureau, Disyembre 23, 2022
（Wikang Hapon） http://www.city.kawasaki.jp/shisei/category/60-7-2-0-0-0-0-0-0-0.html
（Wikang Hapon na madaling maintindihan） http://www.city.kawasaki.jp/250/page/0000042748.html

## Pagbati mula sa Tagapangulo

Ako si Lahiru Sanketha Perera, ang tagapangulo ng ika-14 termino ng Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Isang karangalan na aking maipagpatuloy ang pagiging tagapangulo mula noong ika-13 termino.

Ang mga aktibidad ng ika-14 termino ay nagsimula noong Abril. Ngayong termino, kasama ang 26 na mga kinatawan, aming pinagdidiskusyonan ang mga problema, isyu, at pagpapabuti ng mga dayuhan. Mulan ang itatag noong 1996, pinag-aralan ng mga kinatawan ang iba't ibang isyu upang maipagpabuti ang pamumuhay ng mga dayuhang naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki.

Ngayong termino, kami ay naghati na sa dalawang komite – Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, at Komite ng Impormasyon at Lipunan. Nagsimula na din ang mga diskusyon. Kaming mga kinatawan ay nagmula sa iba't ibang bansa, ngunit iisa ang aming hiling na ipagpabuti ang Lungsod ng Kawasaki at gawin itong lugar na mabuting pamuhayan ng mga dayuhan.

Kahit sino ay pwedeng makinig sa mga diskusyon. Mangyaring bisitahin kami sa pagpupulong kung interesado sa diskusyon.

Tagapangulo ng Ika-14 Termino, Perera Lahiru Sanketha

## Nais mo bang making ng Pagpupulong?

——Iskedyul ng meeting para sa 2022——

Lugar: Kawasaki International Center

(10 minuto na lakad mula sa istasyon ng Motosumiyoshi, Tokyu Toyoko Line/Meguro Line)

Mapa: http://www.kian.or.jp/accessmap.shtml

Oras: mula 2pm hanggang 5pm

| | | |
|---|---|---|
| Ika-4 na meeting | Unang araw | Enero 15, 2023 (Linggo) |
| | Ikalawang araw | Pebrero 6, 2023 (Linggo) |

＊＊＊＊＊＊＊

Ang pagpupulong ay pwedeng daluhan ng kahit sinuman. Halina at makibahagi sa pagpupulong!

# Pagsali sa Kawasaki Citizens' Festival

Noong ika-4 hanggang ika-6 ng Nobyembre ay ginanap ang ika-43 na Kawasaki Citizens' Festival. Nakisali ang mga kinatawan sa ikatatlong araw nito.  Dahil sa Corona Virus, hindi ito naiganap noong nakaraang 2 taon. Kami ay nakilahok sa pagdiriwang na ginanap sa unang pagkakataon sa loob ng tatlong taon.

Upang maiwasan ang pagkahawa ng virus, ito ay nagging maliit na pagdiriwang. Ang paglahok ng mga kinatawan ay nasa tent, kung saan ginanap ang taunang quiz at pagdrawing ng bandila. Amin ding ipinakita ang video ng pagpapakilala ng mga representatibo.














【Impresyon mula sa kinatawan】

Ako ay nakatira sa Asao Ward, at ito ang unang beses ko na sumali sa Kawasaki Citizens' Festival. Napuspos ako sa kasaglihan ng lugar at sa dami ng dumalo. Mas lalo akong nagulat nang makita ang pagkakaisa ng mamamayan, mga negosyo, at ng gobyerno. Ako ay nag-enjoy dahil ibang karanasan ito sa mga pagdiriwang na ginaganap sa ibang lugar ng Kawasaki, at pati rin sa Asao Fudou Daruma Shi, na ginaganap sa Enero 28 ng bawat taon.

Yun Ji Ha

Unang beses kong sumali sa tent ng mga Kinatawan ng mga Dayuhang Naninirahan sa Lungsod ng Kawasaki. Ako ang namahala sa quiz corner. Ang bawat kinatawan ay gumawa ng quiz tungkol sa kanilang bansa, at aming ibinahagi sa mga dumalong bata at mga magulang ang iba't ibang bansa at kultura. Ito ay isang napagbuting karanasan at ako ay masaya na nakasali ako sa festival.

May Azael

# Ulat tungkol sa Progreson ng ika-14 Termino

Sa publikasyon ng newsletter No.75 na ito sa Disyembre, kami ay nakapagtapos na ng anim na meeting mula nang nagsimula ang Ika-14 na termino noong Abril. Ngayong ika-14 Termino, pagkatapos naming ibahagi ang aming mga ideya sa group discussion, aming inilista ang mga nais na tema para sa deliberasyon. Noong Setyembre, kami ay pumili ng anim na tema mula sa 30 na ideya. Ang susunod ay ang pag-gawa ng komite at pag-intindi at pag-diskusyon ng mga napiling tema.

**▶ Komite para sa Ligtas na Pamumuhay,**



Ako ay si Hristova Gabriela, ang tagapagulo ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay. Sa komite na ito, aming pag-uusapan ang tatlong tema: 1) mental healthcare, 2) Sistema para sa suporta pagkatapos manganak, at 3) suporta para sa dayuhang single parent. Sa miting na ginanap noong Nobyembre, kami ay nagdiskusyon ukol sa mental healthcare. Sa diskusyon na ito, aming napag-alaman ang mga opinion na "mahirap magkonsulta tungkol sa mental health", "hindi alam kung saan pwede magkonsulta, kaya't importanteng padaliin ang pamamahagi ng impormasyon ", "mabuting mas ipaalam ang Multicultural Coexistence Comprehensive Consultation One-Stop Center", "dahil magkakaiba ang mga kultura, importante ang pagtugon ayon sa iba't ibang kultura".

Sa susunod, aming pagtutuunan ang mga resolusyon sa mga isyung napag-alamanan, upang masubukang makagawa ng ligtas na pamumuhay para sa mga dayuhan at Japanese na naninirahan sa lungsod ng Kawasaki.

Tagapangulo ng Komite para sa Ligtas na Pamumuhay, Hristova Gabriela

**▶ Komite ng Impormasyon at Lipunan**



Ako ay si Ito Yurika Karen, ang tagapangulo ng Komite ng Impormasyon at Lipunan. Sa komite na ito, aming pag-uusapan ang 1) lugar para sa pag-aaral ng Japanese, 2) impormasyon, at 3) paglahok sa administrasyong municipal. Sa miting na isiniagawa noong Nobyembre, aming pinag-usapan ang 1) lugar para sa pag-aaral ng Japanese. Sa diskusyon na ito, aming napag-alaman ang mga opinion na 「Hindi kilala ang klase ng literacy kaya't kailangang pagbutihin ang pagPR nito", "kaunti lang ang mga oras na pwedeng makasali, maaari kayang dagdagan ito?", "maaari kayang gumamit ng online na tool kagaya ng zoom?", "mas mabuti kung pag-iisipan hindi lamang ang lugar ng pag-aaral ngunit pati rin ang pagkakataon mag-aral".

Sa susunod, layunin naming lumikha ng lungsod kung saan ang mga dayuhang residente sa Kawasaki ay maaaring mamuhay nang maayos sa komunidad. Nais kong makipagtulungan sa mga miyembro ng komite upang ang bawat diskusyon ay maging tumpak at makagawa ng mabuting panukala.

Tagapangulo ng Komite ng Impormasyon at Lipunan, Ito Yurika Karen

# Bisperas ng Bagong Taon sa Buong Mundo

## <Pasko sa Italy>

Para sa maraming tao, ang larawan ng pasko ay ang araw ng Disyembre 25. Para sa mga Italiano, mula sa gabi ng Disyembre 24 ay nagtitipon na ang pamilya, at pag-uulitin ang "pagkwentuhan", "pagkain", at "paglaro", at hihintayin ang pagdating ni Santa sa bisperas ng pasko. At pagsapit ng 12 o'clock, ay magpapalitan na ng regalo, magdiriwang, at uuwi sa bahay para sa pagdiriwang ng pasko sa ika-25. Ang tanghalian ay napakadaming antipasto (pampagana), primo (pasta), secondo (main dish), at dolce (dessert) para sa buong pamilya. Sa Turin na aking pinanggalingan, ang hapag-kainan ay puno ng kulay ng pasko mula sa VitelloTonnato (roast beef na may tuna mayo), Bagna (anchovy na may cream sauce), Agnolotti (balot na pasta), at iba pa.

Buon Natale!（Maligayang pasko!）

Rotini Federica

## <Bagong Taon sa China>

Ang Lunar New Year ay ang pagdiriwang ng bagong taon sa China. Madalas ay ginaganap ito mula gitna ng Enero hanggang sa simula ng Pebrero. Para sa mga Chinese, ito ay ang pinaka-importanteng holiday, at tradisyon na magkaroon ng malaking pagdiriwang kasama ang pamilya.

Sa China, may iba't ibang kaugalian sa pagdiriwang ng bagong taon depende sa lugar. Sa pinanggalingan ko na Shenyang City, Liaoning Province (Northeast China), bawat taon ay nagsasalo ang mga miyembro ng pamilya para magluto ng masaganang lutong bahay at paboritong gyoza, at magpalipas ng bagong taon habang nanonood ng espesyal na programa para sa Lunar New Year.

Sa Lunar New Year, mayroon ding tradisyon na magpaputok. Ito ay para mapalayas ang demonyo at mga salot, at maging lucky charm para sa maunlad na Negosyo. Sa China, kadalasan ay hindi pwedeng magpaputok dahil sa pagprotekta sa kapaligiran, ngunit sa Lunar New Year ay pinapayagan ito. Dahil maraming tao ang nagpapaputok para ipanalangin ang kalusugan ng pamilya at tagumpay sa trabaho, madalas ay nagigising ang mga tao sa tunog ng paputok tuwing umaga ng Lunar New Year. Para sa maraming bata, ang paghahabulan kasama ang mga kaibigan habang nagpapaputok ay kanilang paboritong laro sa loob ng isang taon.

Li Chen

**Para sa Tanong**
Opisina ng Karapatang Pantao at Pagkakapantay-pantay ng Kasarian, Kawanihan ng Kapakanan ng Mamamayan at Kultura, Lungsod ng Kawasaki
210-0007 Kawasaki Frontier Building 9th Floor, Ekimae Honcho 11-2, Kawasaki-ku Kawasaki City
Tel : 044-200-2359 Fax : 044-200-3914 E-mail : 25gaikok@city.kawasaki.jp
Ikinalulugod namin tanggapin ang inyong ideya at mungkahi hinggil sa Newsletter at Pulong ng Kinatawan

Ang papel na ito ay gawa sa lumang papel na may 70% pulp.
R70
古紙パルプ配合率70%再生紙を使用